

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-35 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 13 SETYEMBRE 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG BARANGAY SAN MIGUEL.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Wala

KAPASYAHAN BLG. 084
Taong 1999

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN MIGUEL AT MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKA'T isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot hanggang sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makatutulong sa pag-unlad ng tao at ng pamayanan;
- SAPAGKA'T ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang makita at madama ng mga namumuno sa nakatatasa na yunit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karaingan ng mga taong-bayan at sa gayon sa pagtutulongan ng mga kinauukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;
- SAPAGKA'T isa sa nakikitang magandang hakbang ay ang pagdaraos ng sesyon ng Sangguniang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyologo at pakikipag-ugnayan sa mga taong-barangay at sa pamunuan nito;
- SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;
- SAPAGKA'T sa San Miguel na siyang pangwalong barangay na pinagdausan ng sesyon ngayong Setyembre 13, 1999, naging maayos, mapayapa at mabunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at malugod na pagtanggap na isinagawa ng Sangguniang Barangay at ng mga mamamayan ng San Miguel.

officers

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang tauspusong pasasalamat sa Sangguniang Barangay ng San Miguel at sa mga mamamayan nito sa mainit na pagtanggap sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa nasabing barangay.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Miguel sa pamamagitan ni Punong Barangay Loreto Geguillan para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 13 Setyembre 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

mercy/